AHENSIYA PARA SA MGA PANGKALAHATANG SERBISYO
OPISINA PARA SA PAGPAPATUPAD NG MGA PAMANTAYAN
SA PAGGAWA
(OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT)
PATRICK MULLIGAN, DIREKTOR

# Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ibayad (Minimum Compensation Ordinance, MCO) Mga Pampublikong Entidad (For Public Entities)

## ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN

Epektibo ng Hulyo 1, 2026

Sa ilalim ng Minimum Compensation Ordinance (MCO), ang mga pampublikong entidad (halimbawa, mga manggagawa ng In-Home Supportive Services (IHSS)) na nagsasagawa ng trabaho sa Lungsod at Lalawigan ng San Francisco **AY DAPAT** magbigay ng minimum na kompensasyon at oras ng pahinga sa mga empleyado. Ang Form na Ito para sa 'Alamin ang Iyong Mga Karapatan' ay nagpapaliwanag ng mga kinakailangan ng MCO. Mangyaring lagdaan lamang ito pagkatapos basahin nang buo at maunawaan ang iyong mga karapatan.

### ANG MGA ITINATAKDA NG MCO

**1. Pinakamababang Bayad Kada Oras:**
- Ang Halaga para sa Public Entities (Pampublikong Entidad) ay **$23.00/oras**
- Epektibo ng 9/1/2026: **$25.00/oras** (nakadepende sa pag-apruba ng badyet)
- Puwedeng magbago ang mga halaga; kung gayon, kailangang bayaran ng taga-empleyo ninyo ang kasalukuyang halaga na nakapaskil sa website ng OLSE na: www.sf.gov/olse-mco

**2. May Bayad na Oras ng Pahinga (Paid Time Off, PTO):**
- Naipon sa 0.03846 na oras bawat oras na nagtrabaho (katumbas ng 10 araw na walang bayad na bakasyon kada taon para sa mga empleyadong nagtatrabaho ng 40 oras bawat linggo)
- Maaaring gamitin para sa bakasyon, sick leave, o personal na pangangailangan
- Ang naipon na hindi nagamit na PTO ay babayaran sa mga empleyado kapag sila ay umalis sa kumpanya

**3. Walang Bayad na Oras ng Pahinga (Unpaid Time Off, UTO):**
- Naipon sa 0.03846 na oras bawat oras na nagtrabaho (katumbas ng 10 araw na walang bayad na bakasyon kada taon para sa mga empleyadong nagtatrabaho ng 40 oras bawat linggo)
- Para sa layunin ng walang bayad na oras pag nag ka sakit

**Ipinagbabawal ang Pagganti**: Hindi kayo puwedeng gantihan ng inyong taga-empleyo at hindi rin puwedeng gantihan ang sinumang iba pang empleyado dahil gusto ninyong malaman pa ang tungkol sa MCO o ginagamit ninyo ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas. Kung naniniwala kayong nakaranas kayo ng diskriminasyon o pagganti dahil nagtanong kayo tungkol sa inyong mga karapatan, o ginamit ninyo ang mga ito sa ilalim ng MCO, kontakin ang OLSE upang mag-file ng reklamo.

**Pirmahan ang dokumentong ito LAMANG PAGKATAPOS mo itong basahin nang buo at maintindihan ang iyong mga karapatan sa ilalim ng MCO**. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan o tungkulin ng iyong employer sa ilalim ng MCO, mangyaring makipag-ugnayan sa OLSE sa (415) 554-7903 o mco@sfgov.org.

Isulat sa Malalaking Letra ang Pangalan ng Empleyado: ______________________________________________

Pirma ng Empleyado: _______________________________________________ Petsa: ____________________

*Para sa kompletong kopya ng Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ibayad, bisitahin ang www.sf.gov/olse-mco.*

**Binago ng Hunyo 2026**